

Makipag-ugnayan sa Public Guardian and Trustee

Estate and Personal Trust Services
Public Guardian and Trustee
700-808 West Hastings Street
Vancouver, BC V6C 3L3

TELEPONO **604 660 4444**
EMAIL **estates@trustee.bc.ca**
WEBSITE **www.trustee.bc.ca**

Tawagan nang libre sa pamamagitan ng Service BC. Pagkatapos ng pag-dial sa naaangkop na numero para sa iyong lugar (sa ibaba), hilingin na maikunekta sa Public Guardian and Trustee (regular na oras ng opisina, 8:30am-4:30pm, Lunes-Biyernes).

VANCOUVER **604 660 2421**
VICTORIA **250 387 6121**
MGA KARATIG NA LUGAR **800 663 7867**

Mayroon ka bang isang Testamento?

Paggawa ng isang Testamento

Ang paggawa ng testamento (will) ay isang mabuting ideya. Sa BC, ang isang tao na 16 taong gulang o mas matanda ay maaaring gumawa ng testamento. Maaari itong makatulong na bawasan ang pagkalito at kawalan ng katiyakan na minsá'y idinudulot ng kamatayan at mabigyan ng katiwasayan ang inyong pamilya.

Ang testamento ay

- Nagpapahintulot sa isang tao na pinangalanan mo upang maging iyong tagapagpatupad (executor) na kumilos kaagad upang isaayos ang iyong libing at pamahalaan ang mga ari-arian (estate) mo
- Pinoprotektahan ang iyong mga ari-arian at sinisiguro na ang mga ito ay pinangangasiwaan ayon sa kagustuhan mo
- Nagbibigay ng oportunidad upang gumawa ng nararapat na mga pagsasaayos para sa menor de edad na mga anak, iba pang dependents at mga pets o alagang hayop
- Nililina sa pamilya at mga kaibigan kung ano ang iyong mga kagustuhan at kung sino ang magpapatupad nito
- Binabawasan ang mga gastos at trabaho na kasangkot sa pangangasiwa ng iyong ari-arian

Ang paggawa ng isang testamento ay hindi kailangang maging kumplikado o mahal. Ang mga abogado at notaryo ang naghahanda ng mga testamento, bagamat mayroong ilang restrictions sa mga uri ng testamento na maaaring gawin ng mga notaryo. Mayroong magagamit na mga “self help will kits,” ngunit maaaring gusto mo pa ring kumuha ng propesyonal na payo upang makatiyak na ang iyong testamento ay malinaw na magsasaad ng iyong mga kagustuhan, kabilang ang pag-appoint ng isang guardian (o tagapag-alaga) para sa sinumang anak mo na menor de edad. Ang testamento ay isang bagay na mahalaga ang propesyonal na payo at sulit ang gastos.

Ang mga tagapag-alaga (guardian) ng mga bata na mababa sa edad na 19 ay dapat mag-ingat sa pag-appoint ng tagapag-alaga ng kanilang anak sa testamento sa kalagayan na walang buhay na magulang na may pangangalaga (custody) sa mga anak. Dapat tiyakin ng mga guardian na ang pinangalanang tagapag-alaga ay handang tanggapin ang mahalagang responsibilidad na ito. Dapat ring isaalang-alang ng mga guardian ang gastos sa pag-aalaga ng mga bata.

Sa BC, ang isang balidong testamento ay dapat na nakasulat, pinirmahan ng gumawa ng testamento sa harapan ng dalawa o higit pang mga saksi (witness) na pumirma rin sa testamento. Mangyaring sumangguni sa *Wills, Estates and Succession Act* (Batas ukol sa Mga Testamento, mga Ari-arian at Pagpapamana) para sa karagdagang

impormasyon tungkol sa mga testamento at mga dokumento tungkol sa pagpapamana.

Kung Mayroon ka nang Testamento

Kung mayroon ka nang testamento, dapat mo itong repasuhin kada ilang taon upang matiyak na ito ay angkop sa panahon. Halimbawa, ang mga sirkumstansya sa buhay mo ay maaaring nagbago na o lumipat sa malayong lugar ang iyong tagapagpatupad o sa anumang dahilan ay di na maaaring gampanan ng iyong tagapagpatupad na pamahalaan ang ari-arian mo. Kung ang iyong testamento ay hindi napapanahon ay dapat kang makipagkita sa isang abogado o notaryo tungkol sa paggawa ng isang bagong testamento.

Pagpili ng Iyong Tagapagpatupad

Ang pagpili ng iyong tagapagpatupad ay mahalaga. Karamihan sa mga tao ay pinipili ang kanilang asawa, isang anak na nasa hustong gulang, magulang, tagapag-alaga o pinagkakatiwalaang kaibigan. May ilang tao na pumipili ng propesyonal tulad ng isang abogado o trust company. Bukod pa dito, ang Public Guardian and Trustee (PGT) ay maaaring sumang-ayon na maging iyong tagapagpatupad. Anuman ang plano mo, laging tiyakin na ang mga taong nais mong i-appoint bilang tagapagpatupad ay nakahandang kumilos.

Sa sandaling nagawa mo ang testamento, sabihin sa iyong tagapagpatupad kung saan nakatago ang iyong testamento at iba pang mahahalagang dokumento. Dapat mo ring talakayin sa iyong tagapagpatupad at pamilya ang uri ng libing na gusto mo. Gumawa ng isang “family tree” dahil ito ay maaaring kailanganin sa ibang pagkakataon, at ilista ang kasalukuyang tirahan at numero ng telepono ng mga benepisyaryo mo.

Bilang pangwakas, kung hindi pa ito nagagawa ng notaryo o abogado mo, dapat mong irehistro ang iyong testamento sa Vital Statistics Agency. Ang Ahensya ay hindi nagtatago ng kopya ng testamento, tanging ang petsa lamang kung kailan ito ginawa at kung nasaan ito. Inaalertuhan nito ang ibang tao na may ginawa kang testamento.

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa Estate and Personal Trust Services (EPTS) na inaalok ng PGT ay matatagpuan sa aming website: www.trustee.bc.ca. Ang mga ispesipikong impormasyon tungkol sa mga bayarin sa pangangasiwa ay matatagpuan sa ilalim ng heading “Fees charged by the PGT” (“Mga Bayaring Sinisingil ng PGT”).

Kung nais mong makipag-usap kung naaangkop na pangalanan ang PGT bilang iyong tagapagpatupad, mangyaring tumawag sa 604.660.4444 at hilingin na makausap ang Quality Assurance Manager sa EPTS, o mag email sa amin sa estates@trustee.bc.ca.

Ibinibigay ng Public Guardian and Trustee ang impormasyong ito bilang serbisyo sa publiko. Ang Public Guardian and Trustee ay hindi nagbibigay ng legal na payo.